

# “Trabaho sa telekomunikasyon”


Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

## Pag-iwas ng kakulangan ng oxygen /pagkalason sa carbon monoxide

### (1) Kakulangan ng oxygen

Ang mga 78% na component ng hangin ay mga nitrogen at ang mga 21% ay oxygen, na sumusuporta sa mga buhay ng tao at mga ibang nabubuhay na organismo. Ang estadong ang konsentrasyon ng oxygen sa hangin ay mas mababa sa 18% ay tinatawag na estadong kulang ang oxygen (oxygen-deficient state).

Napakapanganib dahil ang pagkakalanhap ng hangin na may mababang konsentrasyon ng oxygen ay maaaring ikamatay.




- Para maiwasan ang kakulangan ng oxygen, mahalagang maglagay ng sapat na bentilasyon, sukatin ang konsentrasyon ng oxygen, at gumamit ng pamproteksyong kagamitan tulad ng air respirator. Magsukat tayo alinsunod sa mga tagubilin ng tagapangasiwa.
- Kung ang inyong katrabaho ay hinimatay dahil sa anoxia, ang pagtulong nang walang anumang hakbang na pag-iingat ay maaari ring maging sanhi para ikaw ay maging anoxia. Palaging gumamit ng pamproteksyong kagamitang kapag tutulong.

(2) Pagkakatalaga ng pinuno sa operasyon sa kakulangan ng oxygen at pagsasagawa ng mga natatanging edukasyon

Kapag nagtatrabaho sa isang lugar na may panganib ng kakulangan ng oxygen o pagkalason sa hydrogen sulfide, dapat na magtalaga ang pinagtatrabahuhan ng pinuno ng operasyon sa mapanganib na kakulangan ng oxygen para maiwasan ang kaganapang kakulangan ng oxygen.


Pagtalaga ng pinuno sa operasyon ng kakulangan ng oxygen

Ikaw ay itatalaga mula sa mga nakakumpleto ng kurso ng pagsasanay sa pagiging pinuno sa gawain sa mapanganib na kakulangan ng oxygen o kurso sa mga kasanayan para sa kakulangan ng oxygen / hydrogen sulfide.




Pagsasagawa ng natatanging edukasyon

Ang mga gawain kaugnay ng trabaho sa mapanganib na kakulangan ng oxygen ay isasagawa ng espesyal na nasanay na mga tao.




### (3) Lokasyon ng kakulangan ng oxygen (halimbawa)

**Kakulangan ng oxygen dahil sa pagtagas ng propane gas**




**Mga lugar kung saan nananatili ang tubig nang matagal, tulad ng mga manhole (Pagkonsumo ng oxygen ng aerobic bacteria sa imburnal)**



## (4) Bentilasyon para maiwasan ang kakulangan ng oxygen

Pahanginan ng konsentrasyon ng oxygen ang lugar ng trabaho kung nagsasagawa ng trabahong mapanganib dahil sa kakulangan ng oxygen maliban kung hindi posibleng pahanginan para maiwasan ang pagsabog, oxidation, atbp. o kung labis na napakahirap na pahanginan dahil sa uri ng trabaho, dapat na panatilihin ang konsentrasyon ng oxygen sa mas mataas sa 18% at ang konsentrasyon ng hydrogen sulfide ay mas mababa sa 10ppm.




①Blasting na uri

②Exhaust na uri


③Blasting at exhaust na uri

### Uri ng blower


Turbo fan



Nabibitbit na blower ng hangin




Nabibitbit na blower ng hangin at spiral duct ng hangin



## (5) Mga pag-iingat para sa bentilasyon para maiwasan ang kakulangan ng oxygen

Ang bentilasyon o pagpapahangin ay isinasagawa sa ilalim ng direksiyon ng pinuno sa operasyon, ngunit dapat na maunawaan ng manggagawa ang mga pangunahing kaalaman.

1. Ang bentilasyon ay kailangang isagawa bago ang pagsusukat ng mga konsentrasyon ng oxygen.
2. Kapag nagsasagawa ng bentilasyon at pagsukat ng konsentrasyon, gumamit ng pamproteksyong kagamitang tulad ng aerial respiration device.
3. Kapag gumagamit ng air supply na uri ng bentilasyon, huwag maglagay ng anumang bagay na lumilikha ng exhaust gas, tulad ng generator, na malapit sa suplay ng hangin.
4. Ang exhaust inlet ay kailangang malapit hangga't maaari sa hanging ibubuga.
5. Kapag nasasagawa ng exhaust na bentilasyon, huwag hayaan ang mga manggagawa na pumasok sa lugar sa paligid ng tubong exhaust outlet.
6. Kapag nagsasagawa ng blasting at exhaust na uri ng bentilasyon, panatilihin hiwalay ang inlet ng hangin sa outlet para pantay-pantay ang bentilasyon sa lugar ng trabaho.
7. Huwag ihinto ang sistema ng bentilasyon sa oras ng trabaho.
8. Huwag kailanman gumamit ng compressed oxygen mula sa tangke.



Instrumentong pang-sukat ng nilalamang oxygen

## (6) Pagsukat ng konsentrasyon ng oxygen, atbp.

Sinusukat ng pinuno ng operasyon ang mga konsentrasyon ng oxygen at hydrogen sulfide sa lugar ng trabaho bago ang pagsisimula ng trabaho sa araw na iyon. Kailangan ring magsukat kung aalis ang lahat ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho pagkatapos ng break, atbp., o kung magsisimula sila ulit na magtrabaho, o kung may nararamdamang iba sa katawan ng manggagawa o hindi normal sa sistema ng bentilasyon, atbp.

Sa pagsusukat, dapat na pagtuunan ng pansin ang mga sumusunod:


1. Sa prinsipyo, kailangang isagawa ang pagsusukat mula sa labas, at hindi pumasok.
2. Kapag pumapasok sa loob para sa pagsusukat, gumamit ng respirator, atbp. at gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) kung kinakailangan.
3. Magtalaga ng tagapagbantay para sa pagsusukat.

**Bago ang trabaho  
Kunin ang konsentrasyon ng oxygen!!**

·Ang konsentrasyon ng oxygen dioxide ay 1.5% o mas mababa

·Ang konsentrasyon ng oxygen ay 18% o higit pa

·Ang konsentrasyon ng hydrogen sulfide ay 10 ppm o mas mababa



Panganib ng kakulangan ng oxygen  
Mga kawani lamang


Bawal Pumasok

Work according to the instructions of the chief of work

Pinuno ng Operasyon

(7) Gumamit ng kagamitang pamproteksiyon sa respiratoryo para maiwasan ang kakulangan ng oxygen

Kapag nagtatrabaho sa isang lugar na mapanganib dahil sa kakulangan ng oxygen, kailangang ulitin ang pagsukat ng konsentrasyon ng oxygen at konsentrasyon ng hydrogen sulfide at pahanginan para mapanatili ang konsentrasyon ng oxygen sa mas mataas sa 18% at ang konsentasyon ng hydrogen sulfide ay mas mababa sa 10ppm. Gayun pa man, kapag nagtatrabaho sa isang lugar na teknikal na mahirap na sukatin ang konsentrasyon o pahanginan ang lugar bago ang pagsisimula ng trabaho, o kung nagligtas sa kaganapan ng isang aksidente, kailangang gumamit ng pamproteksyong kagamitan para sa paghinga para maiwasan ang hypoxia at mga ikalawang sakuna. Gumamit ng air supply na uri ng respirator o hose mask.



## (8) Pag-iwas sa pagkalason sa carbon monoxide poisoning

Dahil ang carbon monoxide ay walang kulay at walang amoy na gas, ito ay madalas na nalalanghap na hindi napapansin. Ang pagkakalason sa carbon monoxide ay nagaganap dahil sa operasyon ng mga internal combustion na makina tulad ng mga generator sa mga lugar na hindi sapat ang bentilasyon at ang paggamit ng mga briquetting stove sa pagpapatigas ng kongkreto.

Huwag gumamit ng mga internal combustion na makina o briquetting stove sa mga lugar na kulang ang bentilasyon.

